Pangangalagang Pangkalusugan sa Ontario: Pagkuha ng Pangangalagang Medikal

Sa maraming kaso, ang mga taong naghahanap ng pangangalagangg medikal ay walang emerhensiya. Sila ay maaaring may-sakit lamang o napinsala at kailangan ng tulong.

Maraming paraan upang makakuha ng di-emerhensiyang pangangalagang medikal sa Ontario. May mga sinanay na tauhang medikal na makakasagot sa inyong mga tanong sa pamamagitan ng telepono. May mga doktor ng pamilya, nars at ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Sa karamihan ng mga kaso, sila ang unang nagsusuri at gumagamot sa mga problemang medikal. Itong papel ng dapat malaman ay tutulong sa inyo na maintindihan ang inyong mga pagpipilian.

Mahahanap ninyo itong papel ng dapat malaman online sa iba pang mga wika sa *ontario.ca/healthcarebasics*. Pindutin ang buton na "Information in Other Languages." Ang online na bersiyon ay magbibigay din sa inyo ng mga link upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkuna ng pangangalagang medikal sa Ontario.

Pag-unawa sa inyong mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan

1. Mayroon ba akong matatawagan upang makakuha ng payong medikal?

Oo. Tawagan ang Telehealth Ontario sa 1-866-797-0000. Ito ay libre, kompidensiyal na serbisyo sa telepono na matatawagan ninyo anumang oras, gabi o araw. Makakakuha kayo ng payong pangkalusugan o pangkalahatang impormasyong pangkalusugan mula sa isang nars. Ang nars ay tutulong sa inyo na magpasiya kung kayo ay dapat:

- mag-alaga ng sarili sa bahay
- gumawa ng appointment sa iyong doktor
- pumunta sa isang klinika
- pumunta sa isang silid na pang-emerhensiya ng ospital.

2. Sino ang makakatulong sa akin sa isang di-emerhensiyang problema?

Ikaw ay malamang na tingnan ng:

- Isang doktor ng pamilya: Ang isang doktor ng pamilya ay tinatawag ding general practitioner (GP) o medical doctor (MD). Siya ay makakatulong na suriin at gamutin ang mga mas kumplikadong problemang pangkalusugan o irekomenda ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ng higit pang tulong.
- Isang nurse practitioner (NP): Ang NP ay tula ng isang nars na mataas ang antas ng kaalaman. Siya ay maaaring magtaya at gumamot ng mga basikong sakit at pinsala, at mag-utos ng mga pagsusuri sa laboratoryo, X-ray at ibang mga pagsusuri.

Tagalog – Health Care in Ontario: Getting Medical Care Cat# 015689 Nov/2010 © Queen's Printer for Ontario

Ontario

Naghahanap ng doktor o nurse practitioner? Magpatala sa **Health Care Connect.** Ikaw ay maaaring magparehistro para sa libreng serbisyong ito online o tumawag sa 1-800-445-1822. Tiyakin na mayroon kang may-bisang kard para sa **Ontario Health Insurance Plan** (OHIP).

3. **Kapag kailangan ko ng pangangalagang medikal, saan ako pupunta?**

Ito ay depende sa uri ng tulong na kailangan mo. Ang tsart na ito ay nagsasabuod ng iyong mga pangunahing pagpipilian.

Pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan	**Ano ito…**	**Kailan mo maaaring kailanganin ito…**
Telehealth (1-866-797-0000)	Ito ay isang libre, kompidensiyal na serbisyo sa telepono. Makakakuha kayo ng payong pangkalusugan o pangkalahatang impormasyong pangkalusugan mula sa isang Rehistradong Nars.	Kapag kailangan mo ng tulong anumang oras ng araw o gabi upang ipasiya kung ano ang gagawin: ▪ mag-alaga ng sarili ▪ gumawa ng appointment sa iyong doktor ▪ pumunta sa isang klinika ▪ tawagan ang isang serbisyo sa komunidad ▪ pumunta sa isang silid na pang-emerhensiya ng ospital.
Mga doktor at ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya	Kabilang dito ang iyong doktor ng pamilya at mga nars. Sila ay nagtutuon ng pansin sa paggamot ng pamilya, pagsusuri at paggamot ng mga sakit, karamdaman ng katawan at mga pinsala ng mga pasyente anuman ang edad.	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang kalagayan.
Mga Pangkat na Pangkalusugan ng Pamilya	Ang Pangkat na Pangkalusugan ng Pamilya ay nagsasama-sama ng iba't ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang maghatid ng pinakamataas na posibleng kalidad ng pangangalaga para sa mga nakatalang pasyente. Kasama sa mga pangkat ang mga nars at ibang mga propesyonal na magkakasamang nagtratrabaho upang magkaloob sa iyo ng maraming pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan.	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang kalagayan.
Mga Nurse Practitioner Clinic	Sa mga klinikang ito, makakakuha ka ng basikong pangangalagang	Kung wala kang doktor ng pamilya at kailangan ng basikong

Pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan	Ano ito…	Kailan mo maaaring kailanganin ito…
	pangkalusugan at malalaman ang tungkol sa pananatiling malusog at pagpigil sa sakit. Ang mga klinika ay tutulong din sa iyo na mahanap ang ibang mga serbisyo at mga programang nakabase sa komunidad na maaaring kailanganin mo.	pangangalagang pangkalusugan.
Mga Sentro ng Kalusugan sa Komunidad	Ang mga sentro ay nagkakaloob ng mga programa sa kalusugan at pagtataguyod ng kalusugan para sa mga tao, pamilya at komunidad.	Kapag nahihirapan kang makakuha ng pangangalaga dahil sa mga hadlang na tulad ng: ▪ wika ▪ kultura ▪ mga kapansan ng katawan ▪ kawalan ng bahay ▪ kahirapan ▪ malalayong lugar.
Mga walang-appointment o pagkatapos ng mga regular na oras na klinika	Ito ay isang di-nakabase sa ospital na klinika kung saan makakakuha ka ng pangangalaga para sa mga madali, di-emerhensiyang mga pangangailangan. Ang mga oras ng klinika ay madalas na hanggang gabi at sa mga araw ng Sabado at Linggo. Madalas na makakapasok ka nang walang appointment.	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang kalagayan.
Sentro ng Apurahang Pangangalaga	Ang mga Sentro ng Apurahang Pangangalaga ay nagkakaloob ng tulong para sa mga di-nagbabanta-sa-buhay na mga kondisyon sa araw, sa gabi at sa mga araw ng Sabado at Linggo. Ang mga Sentrong ito ay maaaring magkaloob ng lahat ng mga uri ng serbisyo maliban sa pag-opera.	Kapag kailangan mo ng kaagad na pangangalaga para sa mga menor o hindi kumplikadong kondisyon sa mga hindi gaanong apurahang kalagayan. ***Mga halimbawa:*** mga pinsala sa mata, sugat, baling kamay o paa, X-ray at mga pagsusuri sa laboratoryo.

4. **Saan ako makakakuha ng tulong kung ang aking mga problemang pangkalusugan ay ginagawang mahirap na manirahan sa bahay?**

Tawagan ang inyong lokal na Community Care Access Centre. Sila ay tumutulong sa mga tao na manirahan sa kanilang mga sariling bahay o lumipat sa isang bahay ng pangmatagalang pangangalaga. May 42 sentro sa buong probinsiya.

5. **May mga tanong ako tungkol sa paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario. Sino ang maaari kong tawagan?**

Tawagan ang ServiceOntario, INFOline sa pagitan ng 8:30 am hanggang 5:00 pm. Ang mga tauhan ay makakatulong sa iyo sa Ingles, Pranses at 20 iba pang mga wika. Tumawag sa:

- 1-866-532-3161
- TTY 1-800-387-5559
- Sa Toronto, TTY 416-327-4282

Kumuha ng karagdagang kaalaman online sa health.gov.on.ca.